Sa Lahat ng Mamamayan～Mensahe mula sa Mayor

Magandang hapon po sa inyong lahat.

Maraming salamat sa mainit na suporta mula sa mamamayan, para ipagkatiwala sa akin ang mabigat na tungkulin at responsibilidad sa pagpapatakbo ng lokal na pamahalaan. Gagawin ang lahat upang matugunan ang pangangailangan ng umaasang mamamayan. Layunin kong pamahalaan ang lungsod sa ilalim ng motto na “Unahin ang nararapat” , at “Pagpapatakbo ng pamahalaan sa pananaw ng mamamayan” . Pipilitin kong imungkahi ang "6 na pangunahing polisiya na magiging daan upang maging tanyag ang Kawaguchi" na ikalulugod ng mamamayan.

Naging miyembro ng city council at prefectural assembly, nabigyan ako ng pagkakataon na makipag-usap sa mga mamamayan at magsilbi upang maunawaan at lutasin ang kanilang mga suliranin ayon sa paniniwala na ang “lokal na suliranin ay nagmumula sa ibaba.” Sa aking mga karanasan, ako ay naniniwala na tungkulin ko na magtatag ng pamahalaan na mapagkakatiwalaan at malapit sa mga mamamayan.

Bukod sa pagbibigay-galang sa plano at kasaysayan ng Lungsod Kawaguchi na itinatag ng mga nauna kasama ang sumunod na kilalang tao, ako bilang Mayor, na magpapatuloy na pamahalaan ng lungsod ay nangangako na tutugon nang naaayon sa pagbabago ng panahon, susubok sa mga hamon at magsisilbi sa abot ng aking makakaya na gawin ang "Lungsod ng Kawaguchi na maging kilalang Lungsod.”

Ang pinaka batayan at pangunahing tungkulin ng pamahalaan ay ibalik sa mamamayan ang ipinagkatiwala sa amin, ang mahalagang pera mula sa buwis, sa pamamagitan ng pampublikong serbisyo, na hindi sinayang kahit isang kusing. Layunin naming gawin ang Lungsod ng Kawaguchi na tunay na pipiliin ng mamamayan para tirahan, lungsod na kanilang maipagmamalaki, at gagawin namin ang lahat ng aming makakaya upang masiguro na ang ating mga mamamayan ay makadama ng tunay na pagbabago sa kanilang pamayanan. Hangad namin ang inyong pang unawa at kooperasyon.